Mensahe Apat

## Ang Pangangailangang Hanapin ng Bayan ng Diyos ang Direksiyon ng Panginoon at Taglayin ang Presensiya ng Panginoon upang Itanghal ang Kanyang Katagumpayan para sa Pagtatayo ng Kanyang Katawan at Paglaganap ng Kanyang Kaharian

Babasahin sa Kasulatan: Mat. 1:5; Jos. 6:22-26; 7:1-6, 10-15, 20-21; 9:14

**I. Nang dumating ang dalawang tiktik sa Jerico, si Rahab (na kapwa isang patutot at isang Cananeo) ay nakipag-ugnayan sa kanila at nagkusang tanggapin sila, itago sila, at iligtas sila sa pamamagitan ng mga pagkilos na nagmula sa kanyang pananampalataya (Jos. 2:1b-7, 15-16, 22; Sant. 2:25); siya ay nanampalataya sa Diyos ng Israel at nagdeklara, "Si Jehovah na inyong Diyos ay siyang Diyos sa langit sa itaas at sa lupa sa ibaba" (Jos. 2:11b):**

A. Ipinagkaloob ni Jehovah si Rahab na patutot kay Josue para sa pagtatamo ng lupain; dahil sa kanyang pananampalataya sa Diyos, siya ay "hindi napahamak kasama ng mga hindi tumalima" (Heb. 11:31); bumaling siya sa Israel at sa kanilang Diyos, at nagtiwala siya sa Kanya at sa Kanyang bayan (Jos. 2:12-13).

B. Ang tanda upang maligtas si Rahab at ang kanyang sambahayan ay yaong magsabit siya ng isang panaling pula sa bintana ng kanyang bahay (bb. 18, 21); ang panaling pula na itinali sa bintana ay sumasagisag sa isang bukás na pagpapahayag ng nagtutubos na dugo ni Kristo (1 Ped. 1:18-19); nanampalataya siya na sa pamamagitan ng tandang ito ay maliligtas siya at ang kanyang sambahayan.

C. Bagama't si Rahab ay isang kinondenang Cananeo at isang patutot sa Jerico (Jos. 2:1), isang lugar na sinumpa ng Diyos magpasawalang-hanggan (6:26), pagkatapos niyang bumaling sa Diyos at sa bayan ng Diyos (bb. 22-25; Heb. 11:30-31), pinakasalan niya si Salmon (Mat. 1:5), ang anak ng isang lider ng Juda, isang nangungunang lipi ng Israel (1 Cron. 2:10-11), at marahil isa sa dalawang tiktik; pagkatapos ay isinilang niya si Boaz, isang makadiyos na tao, na mula sa kanya ay dumating si Kristo, at naiugnay siya kay Kristo sa Kanyang pagkakatawang tao para sa pagsasakatuparan ng walang hanggang ekonomiya ng Diyos (Mat. 1:5).

D. Ito ay nagpapakita na anuman ang ating pinagmulan, kung babaling tayo sa Diyos at sa Kanyang bayan at maiuugnay sa wastong tao sa gitna ng bayan ng Diyos (hindi sa isang pisikal na pakahulugan kundi sa isang espiritwal na pakahulugan), tayo ay magluluwal ng isang wastong bunga at makakakabahagi sa pagtatamasa sa pagkapanganay ni Kristo—Exo. 24:13; 33:11; Bil. 27:18; Deut. 34:9; Jos. 1:1; 2 Hari 2:2-15; Fil. 2:19-23; 1 Cor. 4:17.

**II. Pagkatapos ng pagkawasak ng Jerico, ang Israel ay natalo sa Ai; sa Jerico, ayon sa ekonomiya ng Diyos, si Josue ay nagsugo ng mga tiktik, hindi upang makipaglaban kundi upang tamuhin si Rahab; subalit sa Ai, dahil naiwala ng Israel ang presensiya ng Panginoon (Jos. 7:12c), nagsugo si Josue ng mga tiktik upang makipaglaban (bb. 2-3):**

A. Ang ulat ng mga tiktik kay Josue hinggil sa Ai ay nagpapahiwaitg na isina-isantabi ng Israel ang Diyos; sa halip na sumangguni sa Diyos kung ano ang dapat nilang gawin laban sa Ai, kinaligtaan nila ang Diyos at nagpahalaga lamang sa kanilang mga sarili; sa panahong iyon ay hindi nila kaisa ang Diyos kundi kumilos nang mag-isa, nang hindi hinahanap ang direksyon ng Panginoon at nang walang presensiya ng Panginoon; ang Israel ay naihiwalay mula sa Diyos dahil sa kanilang kasalanan—bb. 1-5, 12c:

1. Ang lihim ng pagkatalo ng Israel sa Ai ay yaong naiwala nila ang preseniya ng Diyos at hindi na sila kaisa ng Diyos; pagkatapos ng ganitong pagkatalo, natutuhan ni Josue ang leksiyong manatili kasama ang Panginoon sa harap ng Kaban (b. 6); kalaunan, dumating ang Panginoon upang kausapin siya at sabihin sa kanya kung ano ang gagawin (bb. 10-15).
2. Ang espiritwal na leksiyon na matututuhan mula sa pangyayaring ito ay yaong tayo, ang bayan ng Diyos, ay dapat laging kaisa ng ating Diyos, na hindi lamang nasa gitna natin bagkus nasa loob din natin, ginagawa tayong mga taong may Diyos—mga Diyos-tao.

3. Bilang mga Diyos-tao, dapat nating ugaliing maging kaisa ng Panginoon, lumalakad kasama Siya, namumuhay kasama Siya, at inilalagak ang ating buong katauhan sa Kanya; ito ang paraan ng paglakad bilang isang Kristiyano, ng pakikipagbaka bilang isang anak ng Diyos, at ng pagtatayo ng Katawan ni Kristo.
4. Kung taglay natin ang presensiya ng Panginoon, mayroon tayong karunungan, kabatiran, pag-unawa sa hinaharap, at panloob na kaalaman hinggil sa mga bagay; ang presensiya ng Panginoon ay lahat-lahat sa atin—2 Cor. 2:10; 4:6-7; Gal. 5:25; Gen. 5:22-24; Heb. 11:5-6.

B. Kung ating papasukin, aangkinin, at tatamasahin ang nagpapaloob ng lahat na Kristo bilang ang realidad ng mabuting lupain, dapat nating gawin ito sa pamamagitan ng presensiya ng Panginoon; ipinangako ng Panginoon kay Moises, "[Ang presensiya Ko ay] sasaiyo, at ikaw ay aking bibigyan ng kapahingahan" (Exo. 33:14); ang presensiya ng Diyos ay ang Kanyang daan, ang "mapa" na nagpapakita sa Kanyang bayan ng daan na dapat nilang tahakin:
1. Upang lubusan nating matamo at maangkin si Kristo bilang ang nagpapaloob ng lahat na lupain para sa pagtatayo ng Diyos, dapat nating panghawakan ang prinsipyong ito: ang presensiya ng Diyos ang pamantayan sa bawa't bagay; anuman ang gawin natin, dapat nating bigyang pansin kung taglay ba natin o hindi ang presensiya ng Diyos; kung taglay natin ang presensiya ng Diyos, taglay natin ang lahat ng bagay, ngunit kung maiwawala natin ang presensiya ng Diyos, maiwawala natin ang lahat—Mat. 1:23; 2 Tim. 4:22; Gal. 6:18; Awit 27:4, 8; 51:11; 2 Cor. 2:10; Ezek. 48:35.
2. Ang presensiya ng Panginoon, ang ngiti ng Panginoon, ay ang namamahalang prinsipyo; dapat nating matutuhan na mapanatili, mapamunuan, mapamahalaan, at magabayan, hindi ng Kanyang presensiya na galing sa iba kundi ng direkta, tuwirang presensiya ng Panginoon; ang Kanyang mahalagang presensiya ang kapangyarihan upang maangkin natin ang nagpapaloob ng lahat na Kristo bilang relidad ng mabuting lupain na bumubukal ng gatas at pulot—Exo. 3:8; 25:30; Deut. 26:9; Ezek. 20:6.
3. "Sa aking kabataan, ako ay tinuruan ng iba't ibang paraan upang manaig, upang maging matagumpay, upang maging banal, at upang maging espiritwal. Gayunpaman, wala sa anumang paraang ito ang umubra. Kalaunan, sa animnapu't walong taong karanasan, natagpuan ko na walang uubra maliban sa presensiya ng Panginoon. Ang Kanyang pagiging kasama natin ang lahat-lahat"—*Life-study of Joshua,* p. 48.

C. Pagpasok ng mga Israelita sa lupain ng Canaan at pagkatamo ng tagumpay sa Jerico, ang unang tao na nakagawa ng kasalanan ay si Acan; ang intrinsiko, espiritwal na kahulugan at dibinong pananaw ng mabigat na kasalanan ni Acan ay ang kanyang pag-iimbot sa isang magandang damit ng mga taga-Babilonia (ang Shinar ang lugar na kalaunan ay tinawag na Babilonia) sa kanyang paghahangad na mas mapabuti ang kanyang sarili, na gawin ang kanyang sarili na magmukhang mas maganda—Jos. 7:21:
1. Sina Ananias at Safira, na nagsinungaling sa Espiritu Santo, ay nagkasala sa parehong prinsipyo—ito ang prinsipyo ng Babilonia, na siyang pagkukunwari—Gawa 5:1-11; Apoc. 17:4, 6; Mat. 23:13-36:
   a. Hindi nila iniibig nang lubos ang Panginoon, subalit ninais nila na makita bilang mga lubhang umiibig sa Panginoon; sila ay nagkukunwari lamang; ang mga anak ng Diyos ay kailangang maligtas mula sa pagkukunwari sa harap ng mga tao.
   b. Ayaw nilang ialay ang lahat nang may kagalakan sa Diyos, subalit sa harap ng tao ay kumilos silang tila ba inialay nila ang lahat; sa tuwing nagbibihis tayo ng damit na hindi tumutugma sa ating aktuwal na kondisyon, tayo ay nasa prinsipyo ng Babilonia—6:1-6; 15:7-8.
2. Lahat ng bagay na ginagawa sa kabulaanan upang makatanggap ng kaluwalhatian mula sa tao ay ginagawa sa prinsipyo ng patutot, hindi sa prinsipyo ng kasintahang babae; ang huwad na pag-aalay ng sarili at espiritwalidad ay mga kasalanan, subalit ang tunay na pagsamba ay

sa espiritu at katotohanan; nawa gawin tayo ng Diyos na mga tunay na tao—Apoc. 17:4-5; 19:7-9; Luc. 12:1; 1 Cor. 2:9-10; 2 Cor. 2:10; 5:14-15; Juan 4:23-24.

3. "[Hindi ang pagtingin ng tao ang mahalaga; sapagkat] ang tao ay tumitingin sa panlabas na anyo, ngunit [si Jehovah] ay tumitingin sa puso" (1 Sam. 16:7); kung pahahalagahan natin ang salita ng Diyos sa ating puso (Aw. 119:11) at hahayaan si Kristo na gumawa ng Kanyang tahanan sa ating puso (Efe. 3:16-17), Siya ay magiging mabuting kayamanan ng ating puso, at mula sa kasaganaan ng ating puso ay maipamamahagi natin Siya bilang ang kahanga-hanga, mabuting kayamanang ito sa iba (Luc. 6:44-45).

**III. Pagkatapos tuusin ng Israel ang kanilang kasalanan, ang kasalanan ni Acan (Jos. 7:11-12, 20-21), sila ay nagtagumpay sa Ai (8:1-35), gayunpaman ay mayroong isang talâ kung paano nalinlang ng mga Gibeonita ang mga anak ni Israel (9:1-27):**

A. Ang mga Gibeonita ay mga Heveo (bb. 3, 7; 11:18-19)—isa sa mga bansa sa lupain ng Canaan na dapat puksain ng Israel sapagkat sila ay maladiyablo at naihalo sa mga demonyo (Deut. 7:2; 9:4-5; 18:9-14); nilinlang ng mga taga-Gibeon ang Israel sa kanilang katusuhan (Jos. 9:3-14).

B. Dahil narinig nila ang paggapi ng Israel sa Jerico at Ai, ninais nilang makipag-ayos at makipagtipan sa Israel upang pahintulutan sila ng Israel na mabuhay; nagtungo sila na tila mga kinatawan at nagkunwaring nanggaling sa malayo; pinuntahan nila si Josue sa kampamento sa Gilgal at sinabi sa kanya at sa mga kalalakihan ng Israel, "Kami ay mula sa malayong lupain…Kami ay [magiging] inyong mga lingkod: at ngayo'y makipagtipan kayo sa amin" (bb. 6, 11).

C. Ang Josue 9:14 ay isang napakamakapangyarihang bahagi ng mga Kasulatan na nagpapakita sa atin kung bakit ang mga anak ni Israel ay nalinlang ng mga Gibeonita—sila ay "hindi humingi ng payo kay Jehovah"; kaya, si Josue ay nakipagpayapaan sa kanila at nakipagtipan sa kanila upang hayaan silang mabuhay (b. 15):

1. Ang mga anak ni Israel ay nalinlang dahil gaya sila ng isang asawang babae na kinalimutan ang kanyang asawang lalaki; ang buong Biblia ay isang dibinong romansa, isang talâ kung paano nililigawan ng Diyos ang Kanyang piniling bayan at sa huli ay pakakasalan sila (Gen. 2:21-24; A. A. 1:2-4; Isa. 54:5; 62:5; Jer. 2:2; 3:1, 14; 31:32; Ezek. 16:8; 23:5; Hos. 2:7, 19; Mat. 9:15; Juan 3:29; 2 Cor. 11:2; Efe. 5:25-32; Apoc. 19:7; 21:2, 9-10; 22:17a).

2. Pinapakita sa atin ng Biblia na tayo, bilang mga pinili ng Diyos, ay ang Kanyang asawang babae at sa pagitan Niya at natin ay mayroon dapat pag-iisang dibdib na nagmula sa pag-ibig sa isa't isa; ang sansinukob, samakatwid, ay isang lugar ng kasalan, ang lugar kung saan ang Asawang Lalaki, ang naproseso at napasukdol na Tres-unong Diyos, ay ipinagkakaisa sa pamamagitan ng kasal sa mga tinubos, naisilang na muli, napabanal, napabago, natransporma, at naluwalhating tao na may tatlong bahagi; sa huli, ang Biblia ay nagtatapos sa Bagong Herusalem bilang ang sukdulang kaganapan ng mga pinili ng Diyos sa bagong langit at bagong lupa, bilang ang pansansinukob na asawang babae magpasawalang-hanggan—21:9-10; 22:17a.

3. Hindi kailanman dapat iwanan ng isang asawang babae ang kanyang asawang lalaki; sa halip, siya ay dapat na laging nagtitiwala sa kanya at maging kaisa niya; nang dumating ang mga Gibeonita sa Israel, bilang isang asawang babae, dapat ay nagtungo ang Israel sa kanyang Asawang Lalaki at kumonsulta sa Kanya kung ano ang gagawin—Jos. 9:14.

4. Bilang mga mananampalataya na umiibig sa Panginoon at naghahangad na maging mga bumubuo ng Kanyang mandaraig na kasintahang babae, dapat tayong sumangguni sa Diyos kaugnay sa bawat suliraning nakakaharap natin; kailangan nating dalhin ang bawat bagay sa Panginoon at isaalang-alang, suriin, at pagpasyahan ang mga bagay sa harap Niya at nang nakikipagsalamuha sa Kanya:

a. Batay dito, bawa't mananampalataya ay dapat maging mahina hanggang sa punto na wala siyang sariling ideya, hindi gumagawa ng sariling desisyon, ni gumagawa ng anumang aksiyong kaugnay sa mga nakakaharap niya nang hindi kinakaugnay ang

Panginoon at kinokonsulta Siya, hinahayaan Siya na magdesisyon; ito ang pinakamatamis na pamumuhay ng isang Kristiyano—2 Cor. 12:9-10.

b. Wala tayong alternatibo kundi ang makipagsalamuha sa Diyos sa lahat ng bagay, talakayin ang lahat ng bagay sa Kanya, at hayaan Siyang hawakan ang lahat ng bagay, magsalita sa lahat ng bagay, at gumawa ng bawa't desisyon; maluwalhati para sa isang Kristiyano na dumepende sa Isa pa—sa Diyos—sa bawa't pagkakataon at sa bawa't bagay—Fil. 4:6-7; Kaw. 3:5-6; Jer. 17:7-8; 2 Cor. 1:8-9; Aw. 62:8; 102, pamagat at b. 7.

5. Kung papatnubayan ka ng Diyos na tahakin ang isang daan na hindi mo nalalaman, "ito ang magtutulak sa iyo na magkaroon ng daan-daan at libo-libong pakikipag-usap sa Kanya, nagreresulta sa isang paglalakbay na isang alaalang walang hanggan sa pagitan mo at Niya"—*The Collected Works of Watchman Nee,* vol. 7, p. 1144.
6. Ang resulta ng hindi pagsangguni ng Israel sa kanyang Asawa ay yaong ang mapagsarili at mapag-isang asawang babaeng ito ay nalinlang, at wala siyang proteksiyon, walang pananggalang; mula sa talâng ito sa mga Kasulatan, kailangan nating matutuhan na, bilang asawa ng Panginoon, dapat tayong mamuhay na kasama Siya, laging umaasa sa Kanya at nakikiisa sa Kanya sa lahat ng panahon; ito ang intrinsikong kahulugan ng Josue 9.

*© 2021 Living Stream Ministry*